Konsultasyon tungkol sa Istratehiya upang Mahadlangan at Mabawasan ang Pinsalang dulot ng Pagsusugal 2025/26 hanggang 2027/28

Panimula

Mahalagang isyu ang pinsalang dulot ng pagsusugal sa pampublikong kalusugan para sa ating mga komunidad, at para sa mga indibidwal, pamilya at whānau. Isa sa limang tao sa New Zealand ang napipinsala dahil sa kanilang pagsusugal o dahil sa pagsusugal ng ibang tao.

Ang pinsala ay hindi pantay na nadarama sa ating mga komunidad, dahil ang mga taong Māori, Pasipiko, Asyano at kabataan ay dumaranas ng mas higit pang pinsala mula sa pagsusugal kaysa sa ibang mga grupo ng populasyon.

Tuwing tatlong taon, ang Ministri ng Kalusugan ay inaatasan ng Gambling Act 2003 na makipagkonsulta tungkol sa panukalang istratehiya, kabilang ang mga serbisyo, upang mahadlangan at mabawasan ang pinsalang dulot ng pagsusugal sa mga tao, whānau at komunidad. Bilang bahagi nito, nakikipagkonsulta ang Ministri tungkol sa mga opsyon ng pagpataw ng kabayaran upang mabawi mula sa mga operator ng sugalan ang mga gastos sa pagbuo at pagpapatupad ng istratehiya.

Ang Ministri ngayon ay nakikipagkonsulta tungkol sa Istratehiya upang Mahadlangan at Mabawasan ang Pinsalang dulot ng Pagsusugal 2025/26 hanggang 2027/28

Isang pagkakaton ito upang makapagsabi ka ng iyong opinyon tungkol sa draft ng planong istratehiya (ano ang aming makakamit), ang draft ng planong serbisyo (paano namin makakamit ito), at ang draft ng mga antas ng pagpopondo at mga ipapataw na kabayaran (paano ito popondohan).

Ang mga feedback mula sa konsultasyong ito ay magiging bahagi ng impormasyong isusumite sa Gambling Commission, na magsasagawa ng sarili nitong konsultasyon at gagawa ng mga rekomendasyon sa Pamahalaan bilang bahagi ng susunod na yugto ng gawaing ito. Magkakabisa ang bagong istratehiya mula sa ika-1 ng Hulyo 2025.

Daragdagan ng bagong istratehiya ang nakaraang mga istratehiya upang mahadlangan at mabawasan ang pinsalang dulot ng pagsusugal at umaayon sa mga layunin at prayoridad ng Pamahalaan para sa pangkaisipang kalusugan at pagkagumon, na ang pangkalahatang layunin ay hindi maapektuhan ng pinsalang dulot ng pagsusugal ang haba at kalidad ng buhay ng mga taga-New Zealand.

Sa susunod na tatlong taon, ang panukalang pangunahing pokus ay upang pabutihin ang pag-access sa paghadlang ng pinsalang dulot ng pagsusugal, maagap na interbensyon at epektibong mga suportang serbisyo para sa mga pinaka-nanganganib mapinsala ng pagsusugal, at para palaguin at suportahan ang workforce (lakas-manggagawa) laban sa pinsalang dulot ng pagsusugal – na parehong pamumunuan ng klinikal at mga kasamahan.

Plano ng Istratehiya (ano ang aming makakamit)

Sinasalamin ng draft ng istratehiya ang mga prayoridad ng Pamahalaan para sa kalusugang pangkaisipan at pagkagumon. Kaugnay sa pinsalang dulot ng pagsusugal, ang mga prayoridad na ito ay:

- pagpapahusay ng pag-access sa suporta para sa pinsalang dulot ng pagsusugal
- pagpapalaki ng workforce para sa pinsalang dulot ng pagsusugal
- pagpapatatag ng pagtuon sa paghadlang at maagang interbensyon laban sa pinsalang dulot ng pagsusugal
- pagpapabuti ng bisa ng suporta laban sa pinsalang dulot ng pagsusugal.

Ang mga prayoridad na ito ay aambag sa sumusunod na mga kalalabasan upang suportahan ang mga taong lubos na naaapektuhan ng pinsalang dulot ng pagsusugal:

- May buong hanay ng mga serbisyo at suporta upang mahadlangan at mabawasan ang pinsalang dulot ng pagsusugal – mula sa paghadlang hanggang sa maagang interbensyon hanggang sa espesyalistang suporta.
- Mga pamantayang panlipunan at pangkultura na hahadlang at magbabawas sa pinsalang dulot ng pagsusugal.
- Matatag na pamumuno at pananagutan sa sistema ng panghadlang sa pinsalang dulot ng pagsusugal, na ang paggawa ng desisyon ay malapit sa mga komunidad hangga't maaari.
- May sistema ng pagtuon sa mga taong pinaka-nanganganib na mapinsala ng pagsusugal.

Plano ng Serbisyo (paano namin makakamit ito)

Ang Plano ng Serbisyo ay maglalaan ng isang hanay ng mga serbisyo ng pampublikong kalusugan at klinikal na sinusuportahan ng matatag na pananaliksik at pagtatasa.

Ang dokumento ng konsultasyon ay kabibilangan ng draft ng plano ng serbisyo sa tatlong-taon at magdedetalye ng mga gagastusin at badyet para sa mga serbisyong ito sa loob ng susunod na tatlong taon.

Daragdag ang pagpopondong ito sa kasalukuyang mga pangunahing serbisyo, na nakatuon sa:

- Pagpapahusay ng pag-access sa pamamagitan ng pagpapalawak ng ibinibigay na serbisyong klinikal, sa uri ng serbisyo/sinisilbihang populasyon (halimbawa,

karagdagang suportang may mataas na katindihan) at sa lokasyon (sisilbihan ang ilang mga pook na kasalukuyang walang harapang serbisyo).

- Pagpapalaki ng workforce sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga bagong tauhan sa workforce at pagpapanatili ng mga kasalukuyang manggagawa (para sa mga workforce ng kasamahan at klinikal).
- Paghadlang sa pinsala at maagang interbensyon sa pamamagitan ng paghahatid ng isang hanay ng mga aktibidad na nagtataguyod sa kalusugan na nakatuon sa komunidad.
- Pagpapabuti ng pagiging epektibo sa pamamagitan ng pagkomisyon ng ilang mga proyektong pananaliksik at pagtatasa, kabilang ang pagtasa ng lahat ng mga serbisyong klinikal at pagtasa ng epekto ng mismong Istratehiya.

Binabalangkas ng plano ng serbisyo ang isang grupo ng pamumuhunan na magkakahalaga ng $87.718 milyon sa loob ng tatlong taon. Ito ay $11.595 milyong pagtaas sa kasalukuyang badyet ng istratehiya at kasama ang muling pamumuhunan ng hindi nagastang $3.412 milyon mula sa kasalukuyang panahon ng istratehiya.

Sa karagdagang pagpopondong ito, halos kalahati nito ay para sa mga bagong serbisyo at interbensyon bilang pagtugon sa mga pagbabago sa kapaligiran ng pagsusugal (gaya ng promosyon ng serbisyo, pag-unlad ng workforce at sistema ng pagpupuwera sa pagsusugal) at ang kalahati ay upang talakayin ang isang hanay ng mga pabigat sa gastos at dami (kabilang ang pagpapalawak ng serbisyo at mga pagtugon sa mga pabigat sa sahod).

Buod ng plano ng serbisyo at badyet upang mahadlangan at mabawasan ang pinsalang dulot ng pagsusugal (sa mga $ milyon – puwera ang GST), 2025/26 hanggang 2027/28

Prayoridad	2025/26	2026/27	2027/28	Kabuuan
Pagpapahusay ng pag-access sa suporta para sa pinsalang dulot ng pagsusugal	11.258	12.023	12.588	35.868
Pagpapalaki ng workforce para sa pinsalang dulot ng pagsusugal	1.154	1.504	1.499	4.156
Pagpapatatag ng pagtuon sa paghadlang at maagang interbensyon sa pinsalang dulot ng pagsusugal	10.082	10.049	10.556	30.687
Pagpapabuti ng pagiging epektibo ng suporta para sa pinsalang dulot ng pagsusugal	3.789	3.654	2.604	10.047
Mga gastos ng ahensya	2.181	2.475	2.302	6.958
Kabuuan	**28.464**	**29.705**	**29.549**	**87.718**

Tandaan: Ang mga suma ng badyet ay maaaring hindi magtugma dahil sa pag-round (ng bilang).

Pagpapataw ng kabayaran sa pagsusugal (paano ito popondohan)

Ang pondo para sa lahat ng mga aktibidad upang mahadlangan at mabawasan ang pinsalang dulot ng pagsusugal ay manggagaling sa Problem Gambling Levy – isang kabayarang ibinabayad ng apat na pangunahing mga sektor ng pasugalan (mga gaming machine operator na wala sa casino (pokies), mga casino, TAB NZ at Lotto NZ).

Ang mga bayad para sa levy na ito ay itinakda ng isang formula sa Gambling Act 2003 na nagkakalkula kung magkano ang kailangang bayaran ng bawat sektor.

Isinasaalang-alang ng formula kung magkano ang natalo ng mga naglalaro sa bawat sektor (gastusin) at ilang tao ang uma-access sa mga serbisyo (mga pagsali), at kinakalkula ang levy para sa apat na sektor. Nirerebyu ang levy tuwing tatlong taon, kasama ang pagbuo ng bagong istratehiya. Ang susunod na panahon ng levy ay mula ika-1 ng Hulyo 2025 hanggang ika-30 ng Hunyo 2028.

Pinag-aaralan ng dokumento ng konsultasyon ang apat na iba't ibang pantimbang na mga opsyon na tutukoy kung magkanong levy ang babayaran ng bawat sektor. Ang panukalang bayad sa levy para sa bawat sektor ng pasugalan, maliban sa TAB NZ, ay magiging mas mataas sa ilalim ng alinmang pantimbang na opsyon para sa 2025/26 hanggang 2027/28 kaysa sa bayad para sa kasalukuyang panahon ng levy. Ang mga gaming machine operator na wala sa casino ay magbabayad ng karamihan para sa lahat ng mga opsyon.

Magbigay ng iyong opinyon

Nais marinig ng Pamahalaan at ng Ministri ng Kalusugan ang iyong opinyon.

Mahalaga ang iyong feedback at magiging batayan ng panghuling Istratehiya upang Mahadlangan at Mabawasan ang Pinsalang dulot ng Pagsusugal para sa 2025/26 hanggang 2027/28.

Nais naming malaman ang iyong opinyon kung sa palagay mo ay nakatuon kami sa mga tamang bagay o kung mayroon kaming nalalampasan.

Ilang mga tanong na maaaring gusto mong masagot sa iyong feedback:

- Sang-ayon ka ba sa pokus ng plano ng istratehiya? Kung hindi, bakit hindi?
- Sang-ayon ka ba sa pokus ng plano ng serbisyo? Kung hindi, bakit hindi?
- Mayroon ka bang anumang mga saloobin tungkol sa levy sa pagsusugal?
- Mayroon ka bang iba pang komento tungkol sa draft ng istratehiya o pinsalang dulot ng pagsusugal sa pangkalahatan?

Ang buong dokumento ng konsultasyon ay matatagpuan sa pahina ng Konsultasyon tungkol sa Istratehiya upang Mahadlangan at Mabawasan ang Pinsalang dulot ng Pagsusugal sa website ng Ministri ng Kalusugan.

Ang konsultasyon ay magsasara sa ika-6 ng Oktubre 2024.

Maaari kang magbigay ng feedback sa pamamagitan ng:

- paggawa ng pagsusumite sa online sa **https://consult.health.govt.nz**
- pagdalo sa isang konsultasyong pagpupulong – ang mga detalye ng pagpupulong ay makukuha sa **https://consult.health.govt.nz**
- mag-email ng iyong mga saloobin sa **gamblingharm@health.govt.nz**.